# MULA SA EBANGHELYO NG PAGKABATA NI HESUS AYON KAY TOMAS

MESÁNDEL VIRTUSIO ARGUELLES

**labindalawang ibong luwad**

lumikha ako
labindalawang ibong luwad sa tabing-ilog

hindi ito naibigan ng matatanda

inutusan ko na lamang silang lumipad
at alalahanin ako iglap

lumipad sila palayong inaalala
ang batang naiwan nilang mag-isa
sa piling ng mga karaniwang bata

**karpintero**

may gagawing muwebles
ang aking amang karpintero

nanlumo siya nang matanto
hindi magkasukat ang gagamiting dalawang pirasong kahoy

sinabihan ko siya
pagpantayin sa isang dulo ang mga kahoy

sa kabilang dulo pinahaba ko ang maikling kahoy
upang pagpantayin ang hindi magkapantay

sa kabila nito alam kong hindi ko mapapantayan
anuman ang aking gawin ang mga ginawa ng aking ama

**balabal**

minsan inutusan ako ng aking inang
umigib ng isang timbang tubig

di-sinasadyang nabasag ang timba

inilatag ko ang aking balabal
at ito ang pinunan ng tubig

namangha ang aking ina
ngunit itatago niya lamang
sa kanyang puso ang himala

**bata sa bubong**

naglalaro kami sa bubong
nang mahulog ang isang kalaro
at agad namatay
                              sa takot
naiwan ako ng iba pang kalaro

nang dumating ang mga magulang
ng batang namatay agad
akong inakusahang itinulak
ang kanilang anak nakamamatay

ang kanilang galit binuhay ko
ang kalaro at tinanong
kung ako ang nagtulak sa kanya
kahit batid ko na

at wala akong kapangyarihang baguhin
kahit ibigin ko ang kanyang tugon

**ahas**

biglang tinuklaw ng ahas
ang kamay ng aking kapatid
habang nangangahoy kami sa gubat

bumulagta siyang nangingisay
agad kong hinipan ang sugat
na noon din ay naghilom

kasabay ng pagkamatay ng ahas hindi ahas sa loob-
loob ko ang papatay sa aking kapatid